


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

**5**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5
## Paggamit ng mga Uri ng Pangungusap sa Usapan, sa Pag iinterview; Pagbigay ng Buod ng Teksto at Mahalagang Pangyayari



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeselyn D. Amor, Chariz T. Almadin
**Editor:** Evelyn A. Mier
**Tagasuri:** Loida Lingating
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Katherine S. Suarin
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Kumusta Kaibigan? Ako'y nasisiyahan sa iyong ipinakitang pagpupursige. Narito ako ulit upang makasama mo sa ika –limang paglalakbay.

Inaasahan ko na matutuhan mo ang susunod na mga kasanayan;

a. Natutukoy ang mga uri ng pangungusap sa usapan at pakikipanayam/pag-iinterview (**F5WG-IVc-13.5**), (**F5WG-IVF-J-13.6**);

b.Nakapagbibigay ng buod at mahalagang pangyayari sa tekstong napakinggan (**F5PN-IVg-h-23), (F5PN-IVg-h-23)** ;at

c.Nakapagbibigay halaga sa isang usapan at pakikipanayam.

**Tara na! at simulan na natin ang ating paglalakbay**

| Aralin 4 | Paggamit ng mga Uri ng Pangungusap sa Usapan, sa Pag-iinterview; Pagbigay ng Buod ng Teksto at Mahalagang Pangyayari |
|---|---|



# Balikan

**Naalala mo pa ba ang ating nakaraang aralin?**
**Ngayon, muli nating balikan ang ibat-ibang uri ng Dokumentaryo.**
**Handa ka na ba kaibigan? Tara na at ating simulan ang Gawain.**

**Sagutan ang mga tanong sa ibaba.**

1. Ano ang Dokumentaryo?

2. Ibigay ang anim na estilo ng Dokumentaryo.

3. Manuod ng Dokumentaryong " Byahe ni Drew" sa GMA . Iugnay ang inyong sariling karanasan batay sa napanood na Dokumentaryo.

**Napakahusay kaibigan! Ako'y nasisiyahan sa iyong ipinakitang kagalingan.**
**Alam kong marami kang natutunan sa araling ito.**
**Tara at ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay.**



# Tuklasin

Alam mo ba kaibigan na may ibat – ibang uri ang pangungusap. Ito ay ang pangungusap na pasalaysay, pautos, pakiusap at padamdam.

Ang pangungusap na pasalaysay ay nagbibigay ng impormasyon at kaalaman.

Halimbawa: Ang pandemya ay nagbibigay ng matinding pangamba sa buong mamamayan.

Ang pangungusap na pautos at pakiusap ay nag-uutos at nakiki-usap ito.

Halimbawa: Magsuot ka ng facemask palagi.

Ang pangungusap na patanong ay nagtatanong ito o humihiling ng kasagutan.

Halimbawa: Kailan kaya matatapos ang pandemyang ito?

Ang pangungusap na padamdam ay nagsasaad ito ng matinding damdamin.

Halimbawa: Naku! Dumadami na ang nahawaan sa covid-19 virus.

Ang pasalaysay , pautos at pakiusap na pangungusap ay nagtatapos sa bantas na tuldok(.). Samantala ang pangungusap na patanong ay nagtatapos sa bantas na tandang pananong (?). Ang pangungusap na padamdam ay nagtatapos sa tandang padamdam (!). Lahat ng uri ng pangungusap ay nagsisimula sa malaking titik.

Basahin ng mabuti ang dyalogo.

**Maam Rose:** " Kumusta ka na Mang Rio?" Saan ka pupunta?

**Mang Rio:** Pupunta po ako sa palengke upang bibili ng pangangailangan namin sa bahay.

**Maam Rose**: Ganon ba? Paaalahanan lang kita nab ago ka papasok sa palengke ay dapat susunod ka sa mga *Health Protocols.* Kailangan palaging nakasuot ng *mask at panatilihing* isang metro ang layo ng bawat isa. (nasagi ni Mang Rio ang dalang pinamili ni Ma'am Rose).

**Maam Rose**: Naku! Ang aking pinamili ay natapon. Puwede bang tulungan mo akong pulutin ang mga ito Mang Rio?

**Mang Rio**: Sige ma'am, walang problema.

**Maam Rose:** Maraming salamat Mang Rio.

**Mang Rio**: Tutuloy na ako sa palengke ma'am.

**Maam Rose**: Sige, mag- ingat ka.

**Magaling! Ngayon, handa ka na sa susunod na Gawain. Huwag kang mag-alala karamay mo ako sa iyong paglalakbay.**

Tukuyin ang mga uri ng pangungusap sa dyalogo at isulat ang hinihinging sagot sa kahon.

| | |
|---|---|
| **Pasalaysay** | |
| **Patanong** | |
| **Pautos** | |
| **Padamdam** | |
| **Pakiusap** | |

A. Ibigay ang mahalagang pangyayari sa usapan. Isulat ito sa loob ng kahon na patalata.

| |
|---|
| ______________________________________________ |
| ___________________________________________________ |
| ___________________________________________________ |
| ___________________________________________________ |

**Kaibigan narito ang Rubrics sa pagsulat ng talata. Ito ay basihan ng inyong puntos.**

| | **RUBRIK SA PAGSULAT NG TALATA** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| **Nilalaman**<br>Pagsunod sa uri at anyong hinihingi | | | | | |
| **Balarila**<br>Baybay, Bantas, Estruktura ng mga pangungusap | | | | | |
| **Organisasyon**<br>Pagkakaugnay ng mga idea | | | | | |

*5- pinakamahusay* *4-mahusay* *3-katanggap-tanggap*
*2-mapaghuhusay pa* *1-nangangailangan pa ng mga pantulong na pagsasanay*



# Suriin

**Kaibigan ating balikan ang dyalogo ni Rio at Maam Rose. Narito ang mga usapan nila na halimbawa ng ibat-ibang pangungusap. Suriin at pansinin ang simulang titik nito at ang mga bantas na ginamit.**

1. Kumusta ka na Rio?
2. Tutuloy na po ako sa Health Center maam para ako'y mabakunahan.
3. Naku! Nalaglag ang aking aklat sa sahig.
4. Paki-ingatan mo iyan dahil napakahalaga niyan.
5. Pakipulot ng aking aklat Rio sa sahig.

Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

1. Kailan ginagamit ang malaking titik?______________
2. Sa anong bantas nagtatapos ang pangungusap na nagtatanong?___ nagsasalaysay?____ nag-uutos? ____nagsasabi ng matinding ekspresyon?_____ Nakikiusap?___

Binabati kita kaibigan sa iyong ipinakitang kahusayan. Tiyak na malalampasan mo ang susunod na yugto sa araling ito.

**Handa ka na ba kaibigan! Nasubukan mo na bang makipag-usap sa iyong magulang tungkol sa dapat gawin upang maiwasan ang COVID-19 Virus? Kung hindi pa, narito ang usapan ng mag-ina upang maiwasan ang sakit na ito.**

**Basahing mabuti ang usapan at pagkatapos ay punan ang tanong sa ibaba**



# Pagyamanin

**Iwas! COVID!**

**Analie**: Inay! Inay! Bakit may mga pulis sa labasan at dinadakip nila yong mga tao na hindi nagtatakip ng bibig at ilong?

**Nanay:** "Anak, hindi kasi sila nagsusuot ng face mask."

**Analie:** " Para saan po ba iyong face mask Inay?"

**Nanay:** " Ang face mask ang siyang panangga para hindi tayo mahawaan ng Covid-19 virus."

**Analie:** **"**Ano po iyong COVID-19 virus Inay at bakit ang sabi nila'y ito daw ay nakakamatay kapag ang isang tao ay mahawaan?"

**Nanay:** **''**Anak ang COVID -19 virus ay kapag ang tao ay nahawaan ay nagkakasakit at kung hindi makayanan ng katawan ay nakakamatay. May mga sintomas ito, tulad ng lalagnatin, inuubo,masakit ang ulo, walang ganang kumain, may pantal ang balat, o *discoloration* nang kamay at paa. Pero kapag malala na ito ay mahihirapang huminga, sumasakit ang dibdib, at hindi na makapagsalita."

**Analie:** Nakakatakot pala pag mahahawaan tayo!

**Nanay:** **"** Kaya anak, pwede ba dito ka lang sa bahay, pag gusto mong lumabas gumamit ka ng face mask at maghugas ng kamay.

**Analie:** **"**Opo Nanay, Salamat sa iyong paalala". "Simula ngayon dito na ako sa bahay at pag ako'y lalabas kailangan may face mask at lagi ako'y maghuhugas ng kamay para iwas COVID-19 virus."

**A. Gawain I**

Mga tanong:

1. Ano ang pinag-uusapan ng mag-ina?
2. Paano malalaman kung ang isang tao ay nahawaan ng sakit na ito?
3. Kung ikaw si Annie dapat mo rin bang sundin ang paalala ng kanyang inay? Bakit?
4. Bakit kailangan sundin natin ang mga payo ng ating magulang?
5. Anong aral ang natutunan sa dula?

**B. Gawain 2**

Tukuyin ang iba't-ibang pangungusap sa ibaba. Lagyan ng wastong bantas ang mga pangungusap at uriin kung ito ay **( Pasalaysay, Pautos, Pakiusap, Padamdam at Patanong).**

________________1. Bakit may mga pulis sa labasan__

________________2. Ang face mask ay siyang pananggalang para hindi mahawaan ng Covid-19 virus__

________________3. Naku! nakakatakot pag mahawaan tayo__

________________4. Pwede ba dito ka lang sa bahay__

________________5. Gumamit ka ng Face Mask at maghugas ng kamay__

**Kaibigan nasagutan mo ba ang lahat ng tanong?**

**Ako'y nasisiyahan sa iyong ipinamalas na galing. Ipagpatuloy mo lang ang iyong kahusayan at tiyak na malayo ang iyong mararating sa pagtatalakay nito.**

**Halika at simulan na nating ang susunod na Gawain!**



# Isaisip

**Kaibigan gusto kung malaman kung may natutuhan ka sa ating aralin. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Punan ng tamang sagot sa patlang gamit ang mga salita sa loob ng kahon.**

| | | |
|---|---|---|
| **Pasalaysay** | **Patanong** | **Pakiusap** |
| **Padamdam** | **Pautos** | |

1. Ito ay naglalarawan, nagkukwento at ginagamitan ito ng bantas na tuldok
2. (.).________________________
3. Ang pangungusap na ito ay nag-uutos at ginagamitan ng bantas na tuldok (.)________________________
4. Ito ay nag-uutos sa magalang na paraan at ginagamitan ito ng bantas na tuldok (.) _____________________
5. Ang pangungusap na ito ay nagtatanong at nangangailangan ng sagot. Ginagamitan ito ng bantas na tuldok (.) __________________
6. Ito ay nagpapahayag ng masidhing damdamin tulad ng pagkatuwa, pagkatakot, pagkagulat, pagkaramdam ng sakit , at paghanga. Ginagamitan ng bantas na tuldok (.) ____________________

**Magaling! Ngayon ay may natutuhan ka sa araling ito kaibigan. Napakahusay mo at ipagpatuloy mo lang ang iyong nagawa.Tiyak ay malayo ang iyong mararating sa araling ito.**

**Tara na at tapusin natin ang araling ito . Kasama mo ako sa iyong paglalakbay kaibigan.**



# Tayahin

**Ngayon basahing mabuti ang usapan ng magkaibigang "Matsing at Pagong". Intindihing mabuti ang kanilang pinag-uusapan upang masagutan ang mga tanong sa ibaba.**

**Tagpagsalaysay**: Isang umaga habang naglalakad si Matsing sa bukid , nakita niyang nagtatanim ng saging si Pagong.

**Matsing:** "Anong ginagawa mo Pagong?, umagang-umaga nagbubungkal ka?

**Pagong:** "Heto, nagtatanim ng saging para may makakain. Halika, tulungan mo ako".

**Matsing:** "Ayaw ko nga! Mamamasyal ako. Ikaw na ang magtanim!

**Pagong:** " Halika na matsing, tulungan mo ako sa pagtatanim para pag may bunga ay may makakain tayo." Marami tayong makukuhang benepisyo kapag tayo ay kumain nito gaya ng bitamina at mineral at mahusay din itong panggamot sa ibang mga karamdaman.

**Matsing:** "Bahala ka sa buhay mo! Aalis na ako."

**Tagapagsalaysay:** Dumating ang panahon na nagkabunga na ito at pwede na itong kainin. Kaya kinuha na niya ito at kinain. Muli na namang napadaan si Matsing at gutom na gutom na ito.

**Matsing:** " Pagong, maari mo ba akong bigyan ng saging? " Gutom na gutom na ako."

**Pagong:** " O! sige na nga, ito kainin mo", sa susunod magtanim ka na para may makakain.

**A.** Sagutin ang mga tanong na patalata para ito ay mabuod.

1. Sino ang nakita ni Matsing habang siya ay naglalakad?
2. Ano ang benepisyong makukuha kapag kumain ng saging?
3. Bakit tumanggi si Matsing sa pakiusap ni pagong?
4. Kung ikaw si Pagong dapat mo bang bigyan ng saging si Matsing?Bakit?
5. Anong aral ang nakuha mo sa dyalogo.

**B.** Isulat muli ang kwento at gawing basihan ang sagot sa mga tanong. Isulat ito sa loob ng kahon.

**C.** Tukuyin ang uri ng pangungusap kung ito ba **ay Pasalaysay, Patanong, Pautos, Pakiusap at Padamdam.** Isulat ang sagot sa patlang.

______________1. Si Matsing ay nagtatanim ng saging.

_____________2. Halika na pagong, tulungan mo ako.

______________3. Ayaw ko nga!

______________4. Anong ginawa mo Pagong?

__ __________5. Maari mo ba akong bigyan ng saging?

Kaibigan napakahusay mo. Ngayon malapit na tayong matapos sa araling ito. Ipagpatulay mo lang ang iyong ginawa tiyak na malayo ang iyong mararating. Karamay mo pa rin ako sa iyong paglalakbay

# Karagdagang Gawain

Panuto: Ipahayag sa iba't-ibang pangungusap ang makikita sa larawan.



*Figure 1 Pinagyamang Pluma Wika at Pagbasa p.35*

**Halimbawa:**

**<u>Padamdam</u>1. Naku! Nahulog ang bata.**

Pasalaysay:______________________________

Patanong:_______________________________

Pautos:__________________________________

Padamdam:_____________________________

Pakiusap:________________________________

**Ako'y nasisiyahan sa iyong ipinamalas na galing kaibigan.**
**Karamay mo pa rin ako sa iyong paglalakbay sa susunod na yugto.**
**Ipagpatuloy mo lang ang iyong nasimulan.**

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

Isang programa sa television o pelikula na naglalahad ng mga katutuhan at impormasyon tungkol sa isyu o problemang panlipunan, political o historical

Matulain, Pakikilahok, nagmamasid, masasalamin, paganap, at nagpapaliwanag

**TUKLASIN:**

1.(Depende sa sagot ng mga bata)

2. Nakadepende sa mag-aaral ang sagot

**SURIIN:**

Sa pagsulat ng pangungusap kailangan nagsimula sa malaking titik

(?) (.) (.) (!) (.)

**Pagyamanin:**

1. Kung paano maiwasan ang Covid-19 virus
2. Kung siya ay may mga sintomas tulad ng lalagnatin, inuubo, masakit ang ulo, walang ganang kumain, may pantal ang balat o discoloration sa kamay at paa.
3. (Depende sa sagot ng bata)
4. (Depende sa sagot ng bata)
5. Makinig sa payo ng magulang

B.

1. Patanong (?)
2. Pasalaysay (.)
3. Padamdam (!)
4. Pakiusap (.)
5. Pautos (.)

**Isaisip**:

1. Pasalaysay
2. Pautos
3. Pakiusap
4. Patanong
5. Padamdam

**Tayahin**:

1. Si pagong
2. Bitamina at minerals at mahusay din itong panggamot sa sakit
3. (Depende sa sagot ng bata)
4. (Depende sa sagot ng bata)
5. (Depende sa sagot ng bata)

**Karagdagang Gawain**:

(Depende sa sagot ng mga bata)